# Pagpalit ng tagapag-empleyo sa Hong Kong

**Para sa mga FDHs**




- Ang mga Dayuhang kasambahay (FDHs) ay inaasahang makumpleto ang kanilang **dalawang-taong kontrata ng empleyo** habang nagtatrabaho sa Hong Kong.

  Ang isang FDH ay maaaring mag-aplay para sa pagpalit ng tagapag-empleyo pagkatapos **niya munang bumalik sa kanyang tahanangbansa** at magsumite ng isang bagong aplikasyon ng bisa sa empleyo sa Kagawaran ng Imigrasyon.





- **Sa mga pambihirang pagkakataon** katulad ng paglipat, pangingibang bansa, pagkamatay o pang-pinansyal na kadahilanan ng orihinal na tagapag-empleyo, o kung ang isang FDH ay nakaranas ng pang-aabuso o pagsasamantala, siya ay **maaaring mag-aplay para sa pagpalit ng tagapag-empleyo ng hindi muna aalis ng Hong Kong**.

- Kung ang isang FDH ay pinaghihinalaang **na umaabuso sa pagsasaayos ng pagpapaaga ng pagwakas ng kontrata ng empleyo**, ng kanyang mga aplikasyon sa bisa upang magtatrabaho sa Hong Kong ay maaaring **tanggihan**.

Para sa mga FDHs

# Pakikitungo sa mga Ahensyang Pang-empleyo



- Ang mga Ahensyang Pang-empleyo (EAs) na nagpapatakbo sa Hong Kong ay dapat magtataglay ng **isang balidong lisensya na inisyu ng Kagawaran ng Paggawa**. Mangyaring sumangguni sa website ng Pangasiwaan ng mga Ahensyang Pang-empleyo (www.eaa.labour.gov.hk).

- Ang isang EA sa Hong Kong ay pinapayagan lamang na sumingil sa isang dayuhang kasambahay ng **komisyon na hindi hihigit sa 10% ng unang buwan na sahod**.




- Ang komisyon ay maaari lamang **singilin ng isang beses** at hindi dapat ibawas sa mga sahod.



- Tandaan na kumuha ng **resibo mula sa EA** pagkatapos magbayad ng komisyon.

# Mga paraan para sa mga Pagtatanong at Tulong

**Para sa mga FDHs**



- Dapat kang tumawag sa **Pulisya sa "999" kaagad** kung ikaw ay nahaharap sa isang emerhensya o pisikal na pinsala.




- Tumawag sa **Kagawaran ng Imigrasyon sa 2824 6111** sa aplikasyon ng bisa sa empleyo, pagpapanibago ng kontrata, ekstensyon ng pananatili at pag-abiso sa pagwakas ng kontrata.



- Tumawag sa **Kagawaran ng Paggawa sa 2157 9537** sa mga bagay kaugnay ng empleyo.



- Tumawag sa **Pangasiwaan ng mga Ahensyang Pang-empleyo ng Kagawaran ng Paggawa sa 2115 3667** kung mayroon isyu sa isang ahensyang pang-empleyo.

勞工處 Labour Department

Para sa mga detalye : www.fdh.labour.gov.hk

Para sa mga FDHs

# Pamamahala sa Pananalapi



- Bumuo ng **mahusay na mga kagawian sa pamamahala sa pananalapi** (halimbawa kagawian sa pag-iimpok) upang maiwasan ng mga dayuhang kasambahay (FDHs) ang pang-pinansyal na istres.



- Ang mga FDHs **ay hindi dapat kumuha ng mga pautang** at humiram ng sobra-sobra.



- Ang mga FDHs **ay hindi dapat hayaan ang mga ahen-syang pang-empleyo na makibahagi** sa kanilang mga pang-pinansiyal na gawain.



- Kung hindi maiiwasan ang pagkuha ng pautang, ang mga FDHs ay **dapat bigyang-pansin ang Ordinansa ng mga Nagpapautang ng Pera** upang maprotektahan ang kanilang sarili.

Para sa mga FDHs

# Proteksyong Medikal at Kabayaran para sa mga Pinsala sa Trabaho



- Ang mga dayuhang kasambahay (FDHs) ay kailangan bigyan ng **libreng medikal na pagpapagamot** sa buong kapanahunan ng empleyo (maliban nalang sa kanilang pansariling pagbabakasyon sa labas ng Hong Kong).

- Ang mga tagapag-empleyo ay kinakailangan magbayad ng **alawans sa pagkakasakit** sa mga karapat-dapat na FDHs alinsunod sa Ordinansa ng Empleyo.





- Ang mga FDHs ay **protektado sakop ng Ordinansa ng Bayad-pinsala para sa mga Empleyado**. Dapat nilang ipaalam sa kanilang mga tagapag-empleyo kapag sila ay napinsala sa trabaho sa lalong madaling panahon.